Plano mo bang magtrabaho sa abroad?
Nag-aplay ka ba sa ahensya?
Huwag magpabiktima!
Mag-aral at matuto

# ABAKADA

## NG

## Ilial

## NA

# PAGREREKRUT

KANLUNGAN
CENTRE FOUNDATION, INC.
CENTER FOR MIGRANT WORKERS
Abril, 2008

Kanlungan Centre Foundation, Inc. (KCFI)
77 K-10 St., East Kamias, Quezon City
Tel: (632) 928-2384,
Fax: (632) 433-0953
Email: kcfi@philonline.com.PH
Website: www.kanlungan.ngo.org

Alternative Law Groups (ALG)
Rm. 216 Institute of Social Order
Social Development Complex
Ateneo de Manila University
Loyola Heights, Quezon City

Tel: (632) 426 6001 loc 4865
Fax: (632) 426 8569
Email: info@alternativelawgroups.org

**Writer/Researcher**
Erwin Puhawan & Alladin Diega

**Editor**
Nena Gajudo-Fernandez
Julie Leodones-Sison
Violeta de Guzman

## Pagluluwas ng Lakas

Ang Pilipinas ay isa sa sampung bansang nangunguna sa pag-eksport ng lakas paggawa. Ito ay nag-umpisa sa panahon ng diktadura ni Ferdinand E. Marcos at mabilis na lumobo sa ilalim ng gubyernong Gloria Macapagal-Arroyo.

Ayon sa gubyerno ay hindi dapat umasa sa pag-eksport ng lakas paggawa upang umunlad ang ating kabuhayan. Ngunit sa gawa, nagkukumahog ang Philippine Overseas Employment Administration (POEA) sa target nito na magluwas ng mahigit isang milyong OFW bawat taon sa apat na sulok ng daigdig. Isang malinaw na sukatan na patuloy ang pagsandig ng pamunuan sa malaking bilang at kita ng mga OFW.

Matinding kahirapan, kawalan ng trabaho at oportunidad, at kitang kapos sa pangangailangan ang pangunahing nagtutulak sa maraming Pilipino na makipagsapalaran sa ibang bansa. Ngunit sa mababaw na paliwanag ng gubyerno, sinasabi nito na ang pangingibang bansa ay karapatan ng bawat tao at isang pangyayari na laganap at karaniwan lamang sa mga bansa.

Hindi maikakaila ang mga mapapait na bunga ng pangingibang bansa ng paparaming bilang ng mga manggagawa't propesyunal. Patuloy na nagaganap ang pang-aabuso ng mga dayuhang employer, laluna sa mga kababaihang Pinay. Maraming pamilyang migrante ang nagkakawatak-watak. Ang mga propesyunal na higit na kailangan ng bayan, laluna sa larangan ng kalusugan, ay paunti nang paunti. Tunay na samu't sari na ang problemang iniluwal ng international labor migration.

Ang iligal na pagrerekrut (illegal recruitment) ay isa sa pinakamatinding salot ng mga OFW. Hindi na bago ang mga kuwento ng manggagawang nabaon sa utang, sinangla o ibinenta ang bahay, sakahan, kalabaw, at kahit appliances upang makapagtrabaho sa ibang bansa. Sa bandang huli ay lubos ang pagsisisi ng naloloko't nabibiktima na ng mga iligal na rekruter.

Laganap at patuloy na lumalaganap ang iligal na pgrerekrut sa kabila ng mga batas, pagbuo ng task force at kampanya laban dito. Isang masaklap na katotohanan na hindi kaya ng gubyernong puksain ang iligal na pagrerekrut. Kailangang tayo na ang kumilos upang ilantad at maparusahan ang mga iligal na rekruter.

Hindi tayo dapat manahimik kapag naagrabyado. Hindi dapat manahimik kapag naagrabyado kapwa nating Pilipino. Magreklamo – sa dyaryo, sa radyo, sa lansangan, sa mga tanggapan ng gubyerno, sa mga embahada, sa korte. Hingin ang hustisya para sa sarili at kaparusahan ng maysala.

# KARAPATAN MO, KARAPATAN NG KAPWA, ILABAN MO

# A

## APLIKASYON SA AHENSYA

### Dapat Tandaan sa Pagpili at Pakikitungo sa Ahensya:




1. Tiyakin na may lisensya ang ahensya mula sa POEA. Maaring pumunta sa Licensing and Verification Department ng POEA na matatagpuan sa ikaapat na palapag. Makikita sa banding huling pahina ng Praymer na ito ang address at bilang ng telepono ng POEA.

2. Tiyakin na may job order ang ahensya. Maaring puntahan ang POEA sa Verification Section nito. Dito nakasaad ang bilang at klase ng manggagawa na kailangan ng mga dayuhang employer.

3. Mag-ingat! Kapag may salitang FOR MANPOOLING ONLY ang anunsyo ng ahensya, sobra-sobra ang kanilang nirerekrut sa totoong bilang ng manggagawang nakalagay sa job order.

4. Kontrata muna bago pera. Ang placement fee ay kabayaran kapag ang ahensya ay nakakuha ng trabaho para sa aplikante. Hindi dapat magbayad ng placement fee hangga't wala pang kontratang pinipirmahan.

5. Humingi ng resibo pagkatapos magbayad ng placement fee at sa bawat sisingilin ng ahensya. Ang resibo ay patunay na lisensyado at sumusunod sa mga batas ang ahensya. Ang mga resibo ay magagamit din kung halimbawa'y nais ninyong magsampa ng reklamo laban sa ahensya.

6. Isang buwang sahod lamang ang dapat katumbas ng placement fee sa maksimum.

Tandaan: Batay sa POEA GB Resolution Blg. 13 (Disyembre, 2006), walang dapat bayaran na placement fee ang isang domestic worker. Karamihan ng Middle East na destinasyon ay wala ring placement fee.

7. Bilang OFW, dapat dumaan sa mga proseso tulad ng pag-aaral ng PDOS o Predeparture Orientation Seminar.

# BA
## BATAS LABAN SA ILIGAL NA PAGREREKRUTA (R.A. 8042 o Migrant Workers Act)



1. ILIGAL ang pagrerekrut ng manggagawa upang magtrabaho sa ibang bansa kung ang mga ahensya ay hindi lisensyado ng POEA. Hindi sila dapat magkanbas at maglista ng mga pangalan ng nag-aaplay magtrabaho sa ibang bansa, mangontrata, magbigay ng pangalan ng aplikante o referral, mangako ng trabaho sa ibang bansa, at/o iba pang katulad na gawain.

2. Kahit lisensyado ang ahensya, ILIGAL pa rin ang gumawa ng mga sumusunod:

a. Sumingil ng placement fee nang labis sa tinatakda ng batas
b. Magbigay ng maling impormasyon o dokumento.
k. Maglabas ng mga maling anunsyo, testimonya, impormasyon at iba pa para lamang makakuha ng lisensya
d. Himukin o subukang himukin ang isang manggagawa na umalis sa trabaho, maliban na lamang kung ang dahilan ay makalaya sa mahirap na kalagayan.
e. Himukin o subukang himukin ang ibang tao o entidad na huwag tanggapin ang isang aplikante dahil hindi ito nag-aplay sa kanyang ahensya.
g. Magrekrut ng mga aplikante sa trabahong mapanganib sa kalusugan o kanilang moralidad o makakasama sa dignidad ng bansa.
h. Guluhin o magtangkang guluhin o pigilin ang Inspeksyon na ginagawa ng Kalihim ng Paggawa (Department of Labor Secretary).
i. Magbigay ng maling ulat hinggil sa kalagayan ng pinagtatrabahuan, bakanteng posiyon, remitans, at iba pang impormasyon.
j. Pagpapalit o pagbabago ng kontrata
k. Kapag ang opisyales o ahente ng isang rekrutment na ahensya ay naging opisyales o miyembro ng board o korporasyon ng isang travel agency.
l. Pagpigil o pagtangging ibalik ang anumang dokumento ng isang aplikante bago umalis kung walang kapalit na halaga.
ng. Bigong pagpapaalis ng walang sapat na dahilan.
m. Hindi pagbabalik ng mga ginastos sa aplikasyon ng isang aplikante lalo na kung hindi natuloy ang pag-alis.

Mga kategorya ng iligal na pagrerekrut:

- **Simple Illegal Recruitment**

Kapag ang biktima ay isa o dalawa lamang. Dapat magsampa ng reklamo sa loob ng limang taon (5) mula maganap ang krimen;

- **Large Scale Illegal Recruitment**
  Kapag ang biktima ay tatlo o higit pa. Dapat magsampa ng kaso sa loob ng dalawampung taon (20) mula maganap ang krimen;
- **Syndicated Illegal Recruitment**
  Kapag ang mga iligal na rekruter ay dalawa o higit pa.

# KA

## KAPARAANAN O MODUS OPERANDI NG MGA ILIGAL NA REKRUTER

1. Naniningil ng placement fee nang walang resibo.

2. Naniningil ng bayad sa medikal at/o treyning kahit wala pang malinaw na kontrata.

3. Walang permanenteng opisina o walang opisina o kaya'y pabago-bago ng pangalan ng opisina. Gumagamit ng pampublikong lugar gaya ng kainan, parke at iba pang lugar para harapin at kausapin ang mga aplikante.

4. Hindi nagbibigay ng tamang impormasyon sa kanyang pagkatao, gaya ng pangalan, tirahan o kung saang kumpanya konektado.

5. Nangangako ng madaliang pag-alis nang walang ipinapakitang job order o working visa.

6. Nangungumbinsi sa aplikanteng umalis bilang turista o estudyante. Gumagamit ng mga travel agency, tourist visa at student visa para makaalis ang kanilang mga biktima.

7. Gumagamit ng lisensya ng mga lehitimong ahensya para sa iligal na pagrerekrut.

8. Gumagamit ng escort service para makapuslit ang biktima sa airport sa tulong ng mga kasabwat ng iligal na rekruter at ng mga tiwali at nalagyang empleyado sa airport.

9. Gumagamit ng Internet para maglabas ng mga anunsyo hinggil sa mga "trabaho." Hindi ito nagbibigay ng lokasyon ng opisina at sa pamamagitan ng e-mail adres ang paraan ng transaksyon sa mga nabibiktima.

10. Nagbabahay-bahay sa mga barangay, kasabwat ang mga kaibigan at kamag-anak ng mga bibiktimahin upang iligal na mag-rekrut. Umiikot din sa mga paaralan at kumokontak ng mga estudyante, laluna yung nag-aaral ng mga kursong caregiving, nursing at iba pa.

11. Gumagamit ng pakanang ‘mail order bride’, kung saan, ipinapares sa Pinay ang isang dayuhan upang pakasalan at makalabas ito ng bansa.

12. Sumasali sa mga job fair kahit wala silang booth. May mga kasabwat na naglilibot at namamahagi ng mga polyeto (leaflets). Bilang pag-iingat, tingnan ang listahan ng mga isponsor para makita kung sino ang mga totoong kasali at kung sino ang puslit lamang.

13. Pinadaraan ang mga biktima sa pier at isinasakay sa barko palabas ng bansa (backdoor recruitment). Madalas na pangyayari ito sa Mindanaw dahil malapit lang sa bansang Malaysia. Kadalasang Tawi-tawi at Zamboanga ang exit ng mga nirekrut.

# DA

## DAPAT TANDAAN SA PAGSASAMPA NG KASO LABAN SA ILIGAL NA REKRUTER

### A. DAPAT IHANDA:

1. Salaysay na naglalaman ng buong pangyayari kung paano nabiktima ng iligal na rekruter.
2. Mga ebidensya o dokumentong pang-suporta sa kaso gaya ng resibo o anumang katibayan ng pagbabayad sa iligal na rekruter. Kung walang resibo, maaring gamitin ang testimonya ng biktima o iba pang testigo.
3. Testimonya ng mga taong may aktwal na alam hinggil sa krimen.
4. Pagpapatunay (verification) sa POEA kung lisensyado o hindi ang rekruter.
5. Iba pang dokumento kaugnay ng pag-aaplay sa ahensya tulad ng kontrata, pasaporte o medikal na resulta.
6. Sedula o pasaporte bilang patunay ng paninirahan.

### B. MGA DAPAT TANDAAN:

1. Maaring magsampa ng kasong estapa bilang hiwalay na reklamo kung ang akusado ay may nakuhang pera o niloko ang biktima.
2. Balikan at tandaang mabuti ang buong pangyayari.
3. Kung walang abugado, ang taga-usig o piskal ang tatayong abugado para sa biktima.
4. Sikaping dumalo sa lahat ng pagdinig. Isang bahagi ng buong proseso ng pag-uusig lamang ang pagsasampa ng kaso. Ang natitira pang bahagi ay nasa masipag na pagdalo ng mga pagdinig upang maipagtagumpay ang kaso.

Alalahanin na ang mga iligal na rekruter ay napakasipag mangloko.
5. Magiging daan upang ma-dismis o mabalewala ang kasong isinampa kung hindi dadalo ang mga testigo o biktima. Pag nadismis,lalo lamang lalakas ang loob ng mga rekruter upang higit pang manloko.
6. Sa pagsasampa ng kaso, at kahit sa pag-aaplay upang magtrabaho sa labas ng bansa, huwag mag-alinlangang lumapit sa mga ahensiya ng gobyerno na may mahalagang papel sa pagpapadala ng manggagawa sa labas ng bansa.
7. Hindi dapat kalimutan na ang deployment ng OFWs sa ibang bansa ay isang pangunahing programa ng gobyerno at responsibilidad nitong pangalagaan ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa.

## K. MGA HAKBANG SA PAGSAMPA NG KASO

1. Kung biktima ka at gusto mong pormal na maghain ng reklamo laban sa iligal rekruter, gumawa ng Sinumpaang Sumbong na Salaysay o sa Ingles, Complainant Affidavit at dalhin ito sa Tanggapan ng Taga-Usig o Office of the Prosecutor.
2. Isampa ang kaso sa Tanggapan ng Taga-Usig sa lugar kung saan naganap ang krimen o kung saan nakatira o makikita ang opisina ng iligal rekruter. Ibig sabihin, may karapatan ang Prosecutor na hawakan ang kaso at hindi mapapawalang bisa ang demanda.
Halimbawa: Kung nagbayad ng placement fee sa Quezon City subalit narekrut sa Makati, maaaring magsampa ng kaso sa Quezon City o Makati.
3. Matapos masampa ang kaso, tatanggap ng subpoena o patawag ang magkabilang panig. Nasa subpoena ang petsa, oras at lugar ng panimulang pagdinig o preliminary investigation at pangalan ng piskal o taga-usig na didinig sa kaso.
4. Sa Preliminary Investigation, bibigyan ng panahon ang akusado para sagutin ang reklamo sa pamamagitan ng counter-affidavit.
5. Maaring sagutin ng nagreklamo ang counter affidavit sa pamamagitan ng Reply.
6. Maaring sagutin ng Rejoinder ang Reply kung pumapayag ang magkabilang panig na magpasa ng Memorandum.
7. Matapos magsumite ang magkabilang panig ng kanilang mga ebidensya, kailangang magdesisyon ang piskal na may hawak ng kaso kung may sapat na batayan ang reklamo o wala. Dapat itong magawa sa loob ng tatlumpung (30) araw mula nang isampa ang kaso.
8. Kung may sapat na batayan ang reklamo, ang piskal ay magsasampa ng Information sa Regional Trial Court na sumasakop sa krimen. Ang Hukom ay maglalabas ng warrant of arrest.

## D. PAGDINIG NG KASO

1. Arraignment. Kung arestado na ang akusado, babasahan siya ng sakdal at magpapahayag sa korte kung inaamin niya ang krimen o hindi.
2. Pre-Trial Conference. Ang magkabilang panig ay kailangang mag-sumite


sa korte ng kanilang mga ebidensiya, bilang ng testigo, at mga bagay na pinagkaisahan at hindi pinagkaisahan.
3. Trial. Magprepresenta at maghahanap ang magkabilang panig ng kanilang mga testigo sa yugtong ito. Unang magprepresenta ang nag-uusig (prosecution) at susundan ng depensa. May karapatang tanungin ng bawat panig ang kapwa mga testigo nila.
4. Decision. Magbababa ng hatol kung nagkasala o hindi ang akusado.
5. Execution. Ang desisyon ng korte ay ipapatupad.

## E. PARUSA SA KRIMEN

1. **Simple Illegal Recruitment**
   Pagkakakulong ng anim na buwan hanggang isang (1) taon sa minimum, at hanggang labingdalawang (12) taon sa maksimum, at multa ng dalawangdaang libong piso (P200,000) hanggang limangdaang libong piso (P500,000).
2. **Large Scale Illegal Recruitment**
   Habang buhay na pagkabilanggo o reclusion perpetua at multa mula sa limangdaang libong piso (P500,000) hanggang isang milyong piso (P1,000,000).
3. Kung lisensyadong ahensiya ang gumawa ng krimen, maaring matanggalan ito ng lisensiya.

## G. DALAWANG KLASE NG PAGSASAMPA NG KASO

1. Pagsasampa ng Kaso sa Ilalim ng Regular na Imbestigasyon



2. Pagsasampa ng Reklamo sa Ilalim ng Valid Warrantless Arrest

Tandaan: Valid lamang ang warrantless arrest kung ang mga kinauukulang ahensiya ng gobyerno ang nagsasagawa nito. Basahin ang entrapment para sa detalye.

1. Pag-alam sa kaso, o Inquest

2. Pagsasampa ng Impormasyon sa Korte (RTC)

3. Kung tama ang pag-aresto, maglalabas ang Korte ng Commitment Order

4. Pormal na pagsasakdal sa suspek (Arraignment

5. Paunang paglilitis sa suspek, o Pre-trial

6. Paglilitis sa suspek,

7. Paglalabas ng Hatol, o Judgment

8. Pagpapatupad ng Hatol, o Execution

Kung mali ang ginawang pag-aresto, pakakawalan ang suspek at maaring sampahan sa ilalim ng Regular Investigation

**PALIWANAG SA ENTRAPMENT :**

Ito ay isang paraang ginagamit upang mahuli sa akto ang iligal na rekruter. Ang mga tauhan ng law enforcement unit tulad ng NBI at PNP, ay nagpapain ng marked money o perang nilalagyan ng fluorescent powder na siyang kunwari ay ibinabayad ng aplikante sa iligal na rekruter.



Matapos mahuli sa pamamagitan ng entrapment, maari nang sampahan ng kasong iligal na pagrerekrut at estapa ang akusadong rekruter.

Ang paraang ito ay mabilis dahil habang dinidinig ang kasong isinampa laban sa rekruter, ang akusado ay nakapiit na sa kulungan, laluna kung Large Scale Illegal Recruitment ang nagawang krimen.

Tandaan na maaring mag-report sa POEA kung aktwal na nagaganap ang ilegal na pagrerekrut.

## REFERENCES:

1. Reyes, Luis. 2001. The Revised Penal Code (Criminal Law). Rex Book Store.

2. Castillon-Lora, Teresita. 2003. Republic Act No. 8042 And All You Want to Know About Possible Claims in Overseas Employment, Rex Book Store

## Ang gobyerno ay may isang
# Special Task Force on ILLEGAL RECRUITMENT
## na binubuo ng:

**1. Philippine Overseas Employment Administration (POEA)**
EDSA cor Ortigas Ave. Mandaluyong City
Tels. 722-1159/ 722-1163 / 724-3665, 722-1197, 722-1179

**2. Department of Justice (DOJ)**
Padre Faura St., Ermita, Manila
Trunkline 523-8481 to 98
Office of the Secretary: Trunkline 523-84-81 loc.214

**3. National Bureau of Investigation (NBI)**
NBI Building, Taft Avenue, Manila
Tels. 523-82-31 to 38

**4. Philippine National Police (PNP)**
Camp Crame, Quezon City
722-2353, 722-9587, 725-5115

Iba pang ahensiya na may kinalaman sa deployment ng OFWs ay ang Department of Labor (DOLE), Bureau of Immigration and Deportation (BID), Department of Foreign Affairs (DFA) at Overseas Workers Welfare and Administration (OWWA).

Ang publikasyon ng praymer na ito ay mula sa pinansyal na tulong ng pamahalaan ng Canada na ipinamahala sa Canadian International Development Agency (CIDA). Ito ay bahagi ng Justice Reform Initiative Support (JURIS) Project na sinuportahan ng CIDA sa pamamahala ng National Judicial Institute (NJI) ng Canada.

The publication of this primer was undertaken with the financial support of the Government of Canada provided through the Canadian International Development Agency (CIDA). This primer is part of the Justice Reform Initiative Support (JURIS) Project, a project supported by CIDA through the National Judicial Institute (NJI) of Canada.